# Kabanata 19:
# ANG BAKUNAWA

MALIIT NA BAHAGI na lamang ng buwan ang nakikita ni Iska. Nagtatago ito sa likod ng makakapal at madidilim na ulap. Habang tumatagal, mas lumalamig na ang simoy ng hangin. Sa pagdampi ng hangin, may kung anong kilabot na nararamdaman si Iska. Sa pagdampi ng hangin, naaamoy niya ang masangsang na amoy ng tubig na animo'y matagal nang hindi nalilinis. Nakakasulasok ang amoy na nananaig sa hangin ngayon.

Kasabay ng pagdilim ng kalangitan ay ang unti-unting paglabas ng anino ng isang napakalaking nilalang. Ang katawan nito ay tila ahas na nilagyan ng malalaking pakpak. Mahaba ang buntot na ito na kawangis ng buntot ng dragon. Madulas ang kaliskis ng Bakunawa na basa. Narinig nina Iska, Kenneth, at Kiko ang paninindak ng Bakunawa.

"Ang Bakunawa!" sigaw ni Kiko sabay tago sa sumbrero niya.

Pulang-pula ang mga mata ng Bakunawa. Napakalaki ng bibig nito na kayang lumunok ng isang buong lawa. Napakatulis ng mga pangil nito na halos kayang bumaon miski sa pinakamatigas na bakal. Napakalapad ng pakpak nito. Sapat na ang buong katawan ng Bakunawa para lunukin ng buo ang buwan na nasa harap nila ngayon. Mas matapang pa ang kuko ng Bakunawa sa buong pagkatao ni Kiko sampu ng kaniyang pamilya. Walang ibang nagawa si Kiko kundi ang magtago na lang kaysa madamay pa sa away na ito. Ipinagdasal niya na lang si Iska kay Bathala.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 149 11/20/2024 8:07:29 AM

Nanginginig ang tuhod ni Iska sa takot pero hindi siya nagpatalo sa takot na nararamdaman. Huminga siya nang malalim at tumayo na gaya ng isang diwatang handang makipagpatayan hanggang sa huling hininga.

Namangha si Kenneth sa angking tapang ni Iska. Ngayon niya napatunayan na malaki na nga ang pinagbago ng dalaga.

"Hindi tayo ang pakay ng Bakunawa, Iska," sabi ni Kenneth. "Sa buwan lang siya nakatingin," paliwanag pa niya.

Nasa ibabaw ng makakapal na ulap ang Bakunawa. Kanina pa itong umiikot sa buwan na tila naghihintay ng pagkakataon upang lunukin ito nang buo. Nagmadali ang dalawa. Agad tinawag ni Kenneth si Iska upang lumapit sa kampana.

"Iska, tingnan mong maigi ang Bakunawa. Ikaw lamang ang taong may kakayahang tumingin nang direkta sa araw at buwan nang hindi nasisira ang pangin. Maniwala ka sa kakayahan mo. Bigyan mo ako ng hudyat kapag hihilahin na natin ito."

"Kenneth! Malapit na! Sa bilang kong tatlo, sabay nating hilahin ang kampana."

Tumango si Kenneth. Sakto sa pagtango nito ang pagnganga ng Bakunawa papalapit sa buwan na siyang humaharang sa liwanag ng araw.

Ito na ang hudyat. "Isa. Dalawa. Tatlo!"

Sa pagsabi ni Iska ng tatlo, buong lakas na hinila ni Kenneth ang dulo ng lubid ng kampana. Hinila rin ito ni Iska nang buong lakas. Umalingawngaw ang tunog ng kampana sa buong kahiwagaan. Narinig ng mga mortal ang lakas ng tunog ng kampana subalit kidlat ang pagkakarinig nila rito at hindi ang ingay na gaya ng isang normal na kampana.

Hinila pang muli ni Iska ang kampana. Napalayo ang Bakunawa sa buwan at tila nangisay at muntikan nang bumagsak. Subalit tila may isang anino ng isang matandang babae ang nakapatong dito na kumokontrol sa Bakunawa.

Lumakas ang Bakunawa at ibinalik ang atensiyon sa napakagandang buwan. Walang ibang tinitingnan ang Bakunawa kundi ang buwan.

Napalunok uli ng laway si Iska dahil walang epekto ang ginawa nilang pagpapatunog ng kampana. "Akala ko ba kampana ang siyang tatapos sa Bakunawa? Anong nangyari?"

Nalito rin si Kenneth. Hindi ito ang inaasahan niyang mangyayari. Ang pagkakaalam din niya, sapat ang hiwaga ng kampana upang magapi ang



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 150 11/20/2024 8:07:29 AM

Bakunawa. Pero anong nangyari? Sa loob ng ilang daang taon, ngayon lang hindi nagapi ng tunog ng kampana ang Bakunawa.

“Iska, subukan uli natin. Sa pagkakataong ito, ikaw naman ang siyang hihila,” sabi ni Kenneth. Nagdasal si Kenneth sa Bathala na sa muling pagpapatunog nila ng kampana, mawala na ang Bakunawa.

Tumango naman si Iska. Nagmamadali siyang humawak sa makapal at magaspang na lubid ng kampana. Buong lakas niya itong hinila at pinatunog nang paulit-ulit.

Umalingawngaw uli sa mundo ang tunog ng isang kidlat. Subalit malinaw kina Iska at Kenneth ang metal na tunog mula sa kampana.

Muling napaatras ang Bakunawa sa buwan. Subalit tila may kakayahan na ito laban sa tunog ng kampana. Kumbaga, nagsanay rin ito bago kainin ang buwan.

“Anong nangyayari? Bakit walang nagbabago?” tanong ni Iska. Sa pagkakataong ito, malaki na ang pagkakabukas ng bunganga ng Bakunawa at handa nang lamunin ang buwan.

“Iska, kailangan mong pigilan ang Bakunawa. Ako nang bahalang magpatunog ng kampana. Pigilan mo siya!”

Sumipol si Iska at dumating si Sinag. Tumalon si Iska pasakay kay Sinag. Hawak ang isa sa makapal nitong balahibo, lumipad sila sa ibabaw ng naglalaparang ulap.

Lumipad si Sinag papalapit sa Bakunawa. Humawak nang mahigpit si Iska kay Sinag. Wala siyang ibang dala kundi ang kuwintas na ibinigay sa kaniya ng ina at lakas ng loob.

*Bathala, tulong naman,* please.

Hindi nagtagal, nagliwanag lahat ng palawit sa kaniyang kuwintas.

Muli, hinawakan ito ni Iska na tila kinakausap ang mga ito upang bigyan siya ng lakas harapin ang isa sa pinakamalaking nilalang na kakalabanin niya.

“Mga bituin sa langit, tulungan n’yo akong sugpuin ang nilalang na higit pa ang laki sa kalangitan.” Ito ang dasal ni Iska. Pagkausal niya nito, bigla niyang naramdaman ang kakaibang lakas at init na nagmumula sa kaniyang mga palad.

Pagkausal ni Iska ng kaniyang dasal, kinuha niya ang palaso sa likuran niya. Inilabas niya ito. Dahan-dahan siyang tumayo sa ibabaw ni Sinag.

*Sinag, ihatid mo ako ibabaw ng Bakunawa.*

Lumipad pa sa taas ng Bakunawa si Sinag. Mula sa taas, tanaw ni Iska ang Bakunawa. Halos malunok na nito nang buo ang buwan.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 151 11/20/2024 8:07:29 AM

*Konting lapit pa, Iska.*

Patuloy na pinatunog ni Kenneth ang kampana mula sa baba. Nag-sign of the cross ang mga mamamayan dahil sa naririnig nilang kulog at kidlat. Napatigil sa paglalakad ang mga nasa kalsada. Lahat humanap ng masisilungan. Hindi nila alam kung bakit kumukulog at kumidilat nang walang dahilan.

Patuloy na pinatutunog ni Kenneth ang kampana. Nahihirapan na rin ang Bakunawa. Tila ito nabilaukan at lumayo sa buwan. Samantala, kitang-kita ni Iska kung paanong dumadaloy ang alon ng mga tunog sa hangin papunta sa Bakunawa. Bumaba ang lipad ng Bakunawa dahil sa sunod-sunod na pagtunog ng kampana. Ito na ang pagkakataon ni Iska na gamitin ang nahuhuli niyang alas laban dito.

*Bathala, bahala ka na talaga.*

Hindi nagtagal, unti-unting umatras ang Bakunawa palayo sa buwan. Lumipad sina Sinag at Iska sa direksiyon na pupuntahan ng Bakunawa. Mula kay Sinag, tumalon si Iska sa likod ng Bakunawa. Nang makatapak siya sa likod ng Bakunawa, sinaksak niya ang batok nito ng nagliliyab na palaso na may espesyal na lason mula sa kaniyang pamilya. Ang palasong ito ay may espesyal na halamang gamot na gawa ni Lola Da. Napakalakas na sandata nito laban sa mga kakaibang nilalang gaya ng sigbin, at Bakunawa.

Pagkasaksak ni Iska ng palaso, lumikha ang Bakunawa ng isang napakalakas na iyak at hiyaw. Kasabay niyon, tumalon si Iska papalayo rito. Sinalo naman agad siya ni Sinag.

Akala ni Iska, tapos na ang laban. Nagkakamali pala siya.

Muling humiyaw ang Bakunawa. Mas malakas ito sa tunog ng kampana. Nakita niya si Iska na nakapatong kay Sinag. Kulang na lang ay lumiyab ang mga mata ng Bakunawa sa sobrang galit. Hindi biro ang laki at lapad nito. Walang sinabi ang laban nila sa Tikbalang, Bungisngis, Siyokoy, at sandamakmak pang sigbin.

Isa na lang ang palaso ni Iska. Ano ang gagawin niya? Kung ulitin niya ang ginawa kanina, tiyak na hindi naman mapupuksa ang Bakunawa.

Nakatingin pa rin ang Bakunawa kina Iska at Sinag. Bumulusok ito papalapit sa dalawa. Nabigla si Sinag nang ihampas ng Bakunawa ang buntot nito sa kaniya.

Nakabitaw si Iska kay Sinag. Nararamdaman niya ang sarili na nalalaglag pababa. Hindi na niya nararamdaman ang mga binti at paa.

Bumulusok si Sinag pababa. Kasabay ng pagbagsak ni Iska, lumipad rin ito pababa at sinalo si Iska. Nasalo niya agad ito gamit ang kaniyang mga matutulis na kuko sa mga paa.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 152 11/20/2024 8:07:29 AM

Lumayo si Sinag sa Bakunawa. Nagising naman si Iska agad dahil sa bigat na nararamdaman niya sa kaniyang kuwintas. Nagningning ang tatlong palawit na nakasabit rito. Parang narinig niya ang boses nina Mommy Jo, Tiya Oyang, at Tita Ela.

Naalala niya ang buong pamilya.

Naalala niya ang kaniyang misyon: Kailangan niyang matalo ang Bakunawa.

Nagliwanag ang mga mata ni Iska. Kasinliwanag ng araw sa isang napakainit na panahon. Nawala ng kulay itim sa mga mata ni Iska. Naging kulay ginto ito na tila kakulay ng apoy. Sa mga palad ni Iska, lumabas ang natatanging apoy na ngayon lamang niya nakita sa buong buhay niya. Kulay dilaw at pula ang apoy ngunit hindi siya napapaso niyon. Hinawakan niya ang palaso at nagngingas din ito. Patuloy na nagliliwanag ang apoy mula sa kaniyang mga palad.

Kinausap ni Iska si Sinag upang ilapit siyang muli sa Bakunawa.

Bakas sa mukha ni Sinag ang pagtanggi subalit wala siyang magagawa kundi sundin ang amo. Kaya naman, pumagaspas pa si Sinag papalapit sa kalaban.

Tumalong muli si Iska sa nguso ng Bakunawa. Mabuti na lang at hindi siya bumagsak sa loob ng bibig nito. Halos lumubog ang mga paa ni Iska sa mga kaliskis sa mukha ng Bakunawa.

*Kailangan na kitang tapusin.*

Hinati ni Iska sa dalawa ang natitirang palaso at pinaliyab gamit ang init na nagmumula sa kaniyang mga palad. Nagliyab ring agad ang palaso. Hinawakan ito nang mahigpit ni Iska at isinaksak sa mga mata ng Bakunawa.

Humiyaw sa sakit ang Bakunawa. Tila kulog at kidlat ang narinig ng mga mamamayan sa baba. Hindi nagtagal, unti-unting natunaw ang napakalaking nilalang. Nahulog si Iska. Napapikit na lamang ito at hindi na inisip ang babagsakan. Mabuti na lang at maagap si Sinag at sinalo si Iska.

Lumiwanag na nang tuluyan ang madilim na langit at unti-unti nang bumalik sa normal ang lahat. Nawala ang malaking nilalang sa kalangitan. Napalitan na ito ng mga ulap at asul na langit. Unti-unti ring nawala ang bakas ng buwan.

Binibitbit ni Sinag si Iska gamit ang kaniyang mga paa. Subalit, wala itong malay nang siya ay ibaba sa tabi ng kampanaryo.

"Iska! Iska! Gising!" sigaw ni Kenneth. Niyugyog nang paulit-ulit ni Kenneth si Iska. Hinawakan ng binata ang palad ni Iska. Kitang-kita nito



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 153 11/20/2024 8:07:29 AM

ang mga palad na akala mo ay tinupok ng apoy. Punong-puno ng sugat ang dalaga. Halos lumabas na ang ikalawang *layer* ng balat ni Iska sa pagliyab na nangyari. Hindi inaasahan ni Kenneth na ganito ang epekto ng hiwaga ng araw kay Iska.

Sa mga normal na tao, parang isang mabilis na buhos ng ulan lamang ang nangyari. Walang nagbago. Walang kahit anong naging problema. Pero dama ni Kenneth ang lahat ng paghihirap ni Iska. Alam niyang ginawa nito ang lahat upang puksain ang Bakunawa. Anak nga siya ni Bathala.

Sumipol si Kenneth. Pasan-pasan niya ang katawan ni Iska sa ibabaw ni Sinag. Kailangan na nilang bumalik sa kanilang tahanan.



Likhaan Special Filipino inside pages 111824.indd 154 11/20/2024 8:07:30 AM